# Modyul 3
# Pagpapahayag sa Iba't Ibang Paraan



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Ang modyul na ito ay tungkol sa pag-uuri mo sa iba't ibang uri ng teksto; kung ito ba ay:

- naglalarawan o descriptiv
- nagsasalaysay o narativ
- naglalahad o ekspositori
- nagbibigay-impormasyon o informativ
- nakikipag-argumento o argumentativ

Tungkol din ito sa pagsasama-sama ng mga salita, parirala o pangungusap sa teksto na ginagamit ang mga panandang leksikal at sintaktik upang maging malinaw ang teksto sa iyong pang-unawa.

Naglalaman din ang Modyul ng iba-ibang teksto tungkol sa turismo, kabuhayan, ekonomiya at globalisasyon.



## Ano ang matututunan mo?

Tutulungan ka ng modyul na ito na makapagpahayag nang efektibo, pasalita o pasulat man. Matututunan mong gamitin ang mga cohesive devices na <u>anapora</u> at <u>katapora</u> pati na ang iba pang panandang leksikal at sintaktik sa pagbibigay mo ng panuto sa pagsasagawa ng isang bagay.

Gayundin, matututunan mong tukuyin ang uri ng teksto kung ito ba ay deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ o argumentativ.

Matututunan mo ring sumulat nang may wastong pag-uugnayan ng mga salita, parirala, sugnay at pangungusap.

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Ngayong hawak mo ang modyul na ito, gawin ang mga sumusunod:

1. Kung may malabong panuto o anumang bahagi ng modyul, magtanong sa iyong guro o kung sinumang may ganap na kaalaman.

2. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot sa mga pagsusulit at iba pang gawain. Huwag itutupi ang mga pahina ng modyul dahil gagamitin pa ito ng iba.

3. Itala ang mahahalagang impormasyon at kaisipan sa isang hiwalay na kuwaderno. Makatutulong ito upang madali mong mabalikan ang mga liksyon.

4. Basahing mabuti ang mga babasahin o teksto. Malaking tulong ito upang makamit mo ang mataas na antas na kaalaman.

5. Ang mga tamang sagot (*answer key*) sa panimula at pangwakas na pagsusulit ay kukunin sa guro pagtakapos mong masagutan ang mga aytem.

## *Ano na ba ang alam mo?*

Bago ka magpatuloy sa pag-aaral sa modyul na ito, subukan mong sagutin ang bawat pagsusulit. Maaaring alam mo na ang ilan sa mga ito, kung hindi man lahat.

A. Panuto: Basahin ang bawat pangungusap. Tukuyin kung ang may salungguhit na cohesive devices ay isang anapora o katapora. Isulat sa patlang ang sagot.

_____________1. Kapag nagpatuloy ang pag-alis ng mga doctor at narses patungong abroad, magiging advantage ito sa mga maiiwang doktor at narses.

_____________2. Matutuwa sila, dahil makakakuha na ng mataas na suweldo ang mga maiiwang doktor at narses.

_____________3. Sinabi ni Sec. Sto. Tomas sa kanila ito at natuwa naman ang mga maiiwan.

_____________4. Kapag tumaas na ang suweldo ng mga doktor at nars hindi na nila iisipin pang mag-abroad.

______________5. Hindi <u>sila</u> masisisi na umalis ng bansa dahil kakarampot ang kinikita rito ng mga doktor at narses.

B. Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang kung ang panandang leksikal o sintaktik ay isang <u>referens, substitusyon</u>, <u>elipsis</u>, <u>konjunksyon</u> o <u>leksikal ties</u>.

______________ 1. Nakita mo ba ang aksidente? Oo, nakita ko.

______________ 2. Kailangang ingatan ang mga balotang gagamitin sa halalan. Talagang <u>siyang kailangan</u>.

______________ 3. Mayaman si Gil samantalang si Ding ay mahirap. Kapwa <u>sila</u> kandidato sa Student Council.

______________ 4. Sumali si Ding <u>at</u> Gil sa halalan. Naniniwala sila na mananalo si Ding.

______________ 5. Maraming bumoto kay Ding <u>ngunit</u> bakit siya natalo?

C. Panuto: Isulat sa papel ang letra ng pahayag na nagbibigay ng panuto sa pagsasagawa ng isang bagay.

A. Mag-host tayo sa 2005 ng South East Asian Games.
B. Tuloy na talaga ang pagho-host ng SEAG.
C. Ipadala na ang mga direktiba sa iba't ibang ahensya.
D. Ituloy natin ito sa kabila ng krisis pinansyal ng bansa.
E. Mainam na sigurong matuloy ang paghohost natin ng SEA Games.

D. Panuto: Basahing mabuti ang bawat teksto. Isulat sa papel kung ito ay isang <u>deskriptiv</u>, <u>narativ</u>, <u>ekspositori</u>, <u>informativ</u> o isang <u>argumentativ</u>.

1. Labing walong taon na siyang may ispiritung nagbibigay-sakit. Nagkakandakuba na siya at di makatingala.
2. May mga taong mas abala pa sa pag-aalaga sa mga hayop kaysa mga tao, at mas iniisip pa ang batas at ang kaayusan kaysa ang kalagayan ng mga mahihirap.
3. Nagtuturo si Hesus sa isang sinagoga sa Araw ng Pahinga at may isang babaeng dumating.
4. Nagalit ang pangulo ng sinagoga dahil nagpagaling si Jesus sa Araw ng Pahinga kaya sinabi niya sa mga tao; "May anim na araw para magtrabaho kaya sa mga araw na iyon kayo pumarito para magpagaling hindi sa Araw ng Pahinga.
5. Hindi ba kinakailangan ng bawat isa sa inyo ang kanyang baka o asno mula sa sabsaban nito sa Araw ng Pahinga at inilalabas para painumin. At isang babae naman ang narito na labing walong taon nang iginapos ni Satanas. Di ba siya dapat kalagan sa Araw ng Pahinga?

E. Panuto: Basahin ang bawat teksto. Isulat sa papel ang tono ng binasang teksto.

1. Hindi lingid sa kaalaman ng lahat ang suliraning kasalukuyang kinakaharap ng ating kapaligiran. At nakatutuwang pagmasdan na maliban sa gobyerno, ang pribadong sekto, ang simbahan, ang kababaihan, ang mga kabataan at mga paaralan ay patuloy na nakikibaka sa patuloy na pagwasak ng ating kapaligiran at kalikasan.

2. Siguro, mas mabuti pa nga na huwag na muna tayong magturuan at magsisihan kung sino nga ba ang dapat sisihin, si Juan ba o si Pedro, at sa halip, magtulung-tulungan tayo para mapigilan o mabawasan man lamang ang patuloy na pagkawasak ng ating iisang planeta, ang ating iisang mundo.

3. Sa isyu ng ating mga ilog at lawa, hindi lingid sa atin na ang ating mga pangunahing ilog at lawa dito sa Metro Manila tulad ng Pasig-Marikina River System, ang Navotas-Malabon-Tenejeros-Tulluhan River System, baybaying dagat ng Maynila at ang Laguna De Bay ay masasabi nating biologically dead.

4. Sa isyu ng polusyon sa hangin sa Pilipinas, ang pangunahing nagdudulot ng polusyon ay nanggagaling sa natural (bulkan,atbp.) o sa kagagawan ng tao (man-made sources). Ang mga man-made sources ay nanggagaling sa mga sasakyan at emisyong industriyal. Dito sa kalakhang Maynila, ang polusyon sa hangin ay nanggagaling sa nakahintong sors tulad ng energy generating facilities at pabrika; o ang mobile sources.

5. Sa kabila ng mga batas na pinatutupad, pagbibigay-impormasyon ng media, at pagtulong ng NGOs ay patuloy pa rin ang paglala ng kalagayan ng ating kapaligiran partikular na dito sa Metro Manila.

---

Kung tapos ka nang sumagot, kunin sa guro ang SUSI SA PAGWAWASTO. Ipagpatuloy ang pag-aaral sa modyul, kung hindi mo nasagutan ang 95% ng mga aytem.

Kung mayroon kang mahigit sa dalawang mali sa bawat pagsusulit, pag-aralan ang modyul na ito. Kung wala kang mali, sa bawat pagsusulit, magtungo ka na sa susunod na modyul.

---

# Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub Aralin 1

## Alin ang Anapora at Katapora?

**Layunin**

Natutukoy at nagagamit nang wasto ang mga cohesive devices o ties na:

- anapora , ang ties na nagtuturo pabalik sa naunang binanggit na kinauukulan o referent.

- katapora , ito naman ang ties na binanggit na muna bago pa tukuyin ang referent.

**Alamin**

Basahin ang usapan. Nagkakaunawaan kaya sila? Bakit?




Nagkakaunawaan ang nag-uusap dahil gumagamit sila ng cohesive devices na nakapagpapalinaw sa ugnayan ng mga salita, parirala, pangungusap sa isang teksto: ang anapora at katapora.


Alamin mo kung ano ang mga ito. Magpatuloy sa pag-aaral sa modyul.

**Linangin**

Ano ang cohesive devices? Ang mga ito ay ginagamit upang pag-ugnayin o pagtaliin sa isang teksto ang mga salita, parirala, pangungusap o sugnay sa mga tiyak na paraan upang maging malinaw ang pahayag.

Ang mga panghalip ay isang paraan na maaaring gamitin upang iugnay sa pangngalan o referent na binabanggit sa teksto.

Basahin mo ang unang dalawang talata na nasa editorial na binasa nila. Alin ang mga cohesive devices na ginamit?



*Editoryal*

**Exodus ng mga doctors at nurses**

1

Sabi ni Labor Sec. Patricia Sto. Tomas kapag nagpatuloy ang pag-alis ng mga doctors at nurses patungong abroad, magiging advantage ito sa mga maiiwang doctors at nurses sa bansa sapagkat mag-iincrease ang kanilang sweldo. Ibig niyang sabihin yung mga sinusweldo ng mga nakatakdangmag-abroad ay maidadagdag sa mga maiiwang doctors at nurses.

2

Sana nga ay ganyan ang mangyari. Kapag nagkaroon ng increase sa sweldo ng mga doctors at nurses na naglilingkod sa public hospital baka hindi na nila isipin pang mag-abroad para humanap ng "luntiang pastulan".

***Pilipino Star Ngayon Oktubre 26, 2004***

Ang ito ay isang panghalip o cohesive device. Alin ang referent o pinatutungkulan nito?

Tama! Ang pag-alis ng mga doctor at nars patungong abroad.

Ang kanilang suweldo ay tumutukoy kanino?

Tama ka ulit. Sa suweldo ng mga maiiwang doktors at nars.

Kanino naman iniuugnay o pinatutungkol ang panghalip na niya?

Tama ka dyan! Kay Labor Sec. Patricia Sto. Tomas!

Basahin mong muli ang unang talata. Pansinin kung alin ang cohesive device na panghalip o ang pangngalan o referent na nagtuturo (pointing) nang pabalik o paabante.

> Sabi ni Labor Sec. Patricia Sto. Tomas kapag nagpatuloy ang pag-alis ng mga doktors at narses patungong abroad, magiging advantage ito sa mga maiiwang doctors at narses sa bansa sapagkat mag-iincrease ang kanilang suweldo.

Ang ito ay nagtuturo pabalik sa tinutukoy na referent o pangngalan na pag-alis ng mga doktors at narses. Ang cohesive device ay isang anapora, kaya, ang anapora ay ang cohesive device na nagtuturo pabalik sa naunang binanggit na pangngalan o referent.

Sa binasa mong unang pangungusap ang kanila na cohesive device ay anapora rin. Ano ang pabalik na itinuturo na referent?

Tama! Ang suweldo ng maiiwang doktors at narses.

Sa talata 2, alin ang cohesive device? Tama! Ang ganyan. Alin ang referent? Ang sumunod na pangungusap. Ang cohesive device ba na ganyan ay unang binanggit at nagtuturo nang paabante sa referent? Tama ka dyan! Ito ay isang katapora na binanggit muna sa teksto bago pa tukuyin ang referent. Nagtuturo nang paabante ang panghalip na ganyan sa referent o pangyayari na "kapag nagkaroon na ng increase sa suweldo ng mga doktors at narses na naglilingkod sa public hospital baka hindi na sila mag-abroad."

Basahin ang isa pang halimbawa ng katapora.

Nakiusap si Sec. Sto. Tomas sa kanila at pumayag naman ang mga doktor at narses.

Ang kanila ang cohesive device. Alin ang referent na pinatutungkulan ng panghalip na kanila na naunang binanggit? Tama! Ang mga doktor at narses.

Upang matukoy at magamit mo nang wasto ang anapora at katapora, magpatuloy ka sa pagbasa. Tumungo ka sa GAMITIN.

## Gamitin

Ipagpatuloy mo ang pagbasa sa editoryal. Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Alin ang cohesive device sa talata 3? Alin ang referent?
2. Sa talata 4, ang ganito ay isang cohesive device. Ano ang referent nito?

> **3**
> Hindi masisisi ang mga doctors at nurses na umalis sa bansa sapagkat kakarampot ang kinikita rito lalo pa nga ang mga nasa pampublikong hospital. Batay sa report ang isang government doctor ay sumasahod lamang ng P17,799 bawat buwan. Ang nurse ay mahigit P10,000 ang sinusweldo.
>
> **4**
> Ang exodus ng mga doctor at nurses ay nagsisimula na at sa mga darating na panahon baka wala nang matira sa Pilipinas. At ang higit na kawawa sa ganitong kalagayan ay ang mga mahihirap. Mamamatay ang mga mahihirap na hindi sila makakakita ng doctor sapagkat wala na sila rito sa bansa.

3. Ito ba ay isang anapora o katapora?
4. Ang sila ay isang cohesive device. Ano ang referent nito?
5. Ito ba ay anapora o katapora?

---

Sagot:

1. rito – bansa
2. baka wala nang matirang doktor sa Pilipinas
3. anapora
4. doktor
5. anapora

Tama ba lahat ang sagot mo? Magaling! Magpatuloy ka. Kung may mali ka, basahin mong muli ang teksto.

---

Tapusing basahin ang editoryal. Pagkatapos, isulat sa sagutang papel ang angkop na cohesive device para sa patlang.

Tukuyin din, kung ang cohesive device ay isang anapora o katapora.

**5**

Ang kakulangan ng mga doctor sa Pilipinas ay inihayag mismo ni Sen. Ralph Recto. Sinabi ________ na 42 mahihirap na bayan sa Pilipinas ay walang mga doctor. Ibig sabihin, kahit hindi pa nagsisimulang magpuntahan sa ibang bansa ang mga doctor, talagang kulang na kulang na sa ___________ ang mga mahihirap sa liblib na bayan. Sinabi ________ na noong 2000 ay mayroon lamang 2,943 government doctors o isang doctor sa bawat 30,865 na Pinoy.

**6**

Dahil sa liit ng bilang ng mga doctor sa rural areas, maraming mahihirap ang namamatay na hindi nakakakita ng doctor. Baka nga hindi alam _________ kung ano ang itsura ng doctor. Nakakaawa ang ganitong sitwasyon na bukod sa kasalatan sa doctor, hindi rin naman sila maka-aford na makabili ng gamot sapagkat maski ito ay ubod ng mahal. Sang magandang panukala ni Recto na makatutulong sa ________ sa liblib na lugar para sa pangangailangan _______ medical. Ay ang pangalagaan ng pondo na makuha sa tax na galing sa sigarilyo at alak.

**7**

Malaking problema kapag nagpatuloy ang pag-alis ng mga doctor para maghanap ng “luntiang pastulan” sa ibang bansa. Magandang pag-aralan ang panukala ni Recto na ang mga buwis mula sa alak at sigarilyo ay gamitn para maitaas ang suweldo ng mga doctor at nurses.

---

Sagot:

1. niya – anapora
2. kanila – anapora
3. niya – katapora
4. nila – anapora
5. nila - katapora

Kung tama lahat ang sagot mo, magaling! Kung may mali ka, balikan ang mga naunang gawain at subukan mong muling sagutan ito.

---

**Lagumin**

Basahin mong muli ang maikling usapan. Anu-ano ang cohesive devices na ginamit? Nagamit ba ito nang wasto?

A: Galit ako sa kanila!
B: Kanino ka galit? Linawin mo!
A: Galit ako sa mga doktor at nars na napapatuloy na umaalis kahit alam nila na kailangan sila ng bansa.
B: Ah, hamo sila. Sila naman ang matutuwa.
A: Sinong sila? Linawin mo!
B: Matutuwa sila dahil tataas ang suweldo nila. Matutuwa ang mga maiiwang doktor at nars sa bansa.

---

Sagot:

Ang <u>anapora</u> ay ang cohesive device na nagtuturo pabalik sa naunang binanggit na referent o kinauukulan.

Ang <u>katapora</u> ay ang cohesive device na binanggit muna upang ituro nang paabante ang tinutukoy na referent.

Ngayon, alam mo na ang <u>anapora</u> at <u>katapora</u>. Handa ka nang sagutin ang pagsubok.

---

**Subukin**

Subukin mong sagutin ang isang pagsubok.

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Punan ang patlang ng wastong cohesive device. Tukuyin kung ito ay isang anapora o katapora.

1. Hindi __________ masisisi na umalis ng bansa. Nahihirapan ang mga doktor at nars na kumita nang malaki.
2. Kapag tumaas na ang suweldo ng mga doktors at nars hindi na __________ iisipin pang umalis.
3. Nagwika __________ na baka ang pasuweldo sa paalis na mga doktor ay idadagdag sa mga maiiwan. Patuloy na nagpapaliwanag si Sec. Sto. Tomas.
4. Matutuwa __________ dahil makakakuha na ng mataas na suweldo ang mga maiiwang doktor at narses.
5. Kapag nagpatuloy ang pag-alis ng mga doktor at narses, magiging advantageous __________ sa mga maiiwan.

---

Sagot:

1. sila – katapora
2. nila – anapora
3. siya – katapora
4. sila – katapora
5. ito – anapora

Kung tama lahat ang iyong sagot, magpatuloy sa Sub-aralin 2. Kung hindi, gawin ang paunlarin.

---

**Paunlarin**

Magbasa ng iba pang editoryal. Itala sa iyong papel ang cohesive devices na ginamit. Tukuyin kung ito ay isang anapora o katapora.

*Editoryal*

## Nobyembre, buwan ng kababaihan at palakasan

Idineklara ang Nobyembre bilang Buwan ng Kababaihan at Palakasan upang kilalanin ang mga kontribusyon sa bansa ng ating mga babaeng atleta at mga mahiligin sa laro at para rin itaguyod ang palakasan at pagiging isport hindi lamang sa ating mga kababaihan kundi sa ating mga mamamayan.

Ang pagiging atleta ay simbolo ng isang mabuting mamamayan- malusog, magandang pangangatawan at may malinaw na kaisipan. Sa madaling salita, isang maaasahang tao; may pinag-aralan, malusog at may mithiin sa buhay.

Bawat taon, tayo ay nagpapadala ng mga delegasyong mga atleta sa ilang pandaigdig na kompetisyon- tulad ng Asian Games, at ang pinaka-korona ng lahat ng pandaigdig na larong pang-kompetisyon, ang Olympic Games. Kada taon, ang ating mga atleta ay umaani ng mga medalya at dangal hindi lamang para sa kanilang sarili kundi pati na rin sa ating bansa.

Ang mga pagbabago kamakailan, gayunpaman, ipinakita na an gating track records sa mga kompetisyong ito ay pagpapamalas na marami tayong dapat gawin upang ang ating mga atleta ay makasabay sa pinakamagagaling sa mundo.

Napatunayan natin na kaya nating maging mahusay sa pandaigdigang kompetisyon ng palakasan. Maaari nating malampasan ang mga nangunguna sa kompetisyong ito. Ang kailangan lamang nating gawin ay ipagpatuloy ang sports development program na well-financed, goal at result-oriented.

Ang local, panrehiyon at pambansang kompetisyon sa palakasan ay maaaring gawin bawat taon subalit dapat na ito ay nakasentro sa pagdeskubre ng world-class Filipino athlete at hindi basta para maisakatuparan ang kompetisyong ito.

Ang pagkakamit ng medalya ay nagagawa. Ang pinakamahirap para sa mga atleta ay makipagtagisan para lamang sa pagiging isport, ang makilahok alang-alang sa pagtataguyod ng pandaigdigang pakikipagkaibigan. Ating itaguyod ang ideyang ang palakasan ay athletic competitions ay isang solidong kahulugan ng pag-uugnay ng international differences—na magagawa ng Sports ay Pakikipagkaibigan.

**Balita, Nobyembre 8, 2004**

Sub Aralin 2

## Panandang Leksikal at Sintaktik, Kilalanin

**Layunin**

Nakikilala at nagagamit nang wasto ang mga panandang leksikal at sintaktik tulad ng:

- referens
- substitusyon
- elipsis
- konjunksyon
- leksikal ties

**Alamin**

Basahin ang teksto. Ilan ang nagsasalita? Malinaw ba ang kanilang pag-uusap? Bakit kaya?

> "May mga taong tila walang magawang mabuti sa buhay. Natutuwa silang manlait ng kapwa, manlamang sa kapwa at mang-api ng kapwa. Kung may kasama kang ganito sa araw-araw, maligaya ka ba? Hindi! Di ba? Kung meron man, magpapari na lang ako! Tiyak matutuwa pa sila kapag nalaman ng mga magulang ko, hindi ba?"
>
> "Mabuti pa nga, pero huwag naman muna. Huwag matigatig sa kanilang ginagawang di-mabuti, dahil tiyak sila ang makakarma."
>
> "Matutulungan mo ba sila kung sakali?"
>
> "Baka hindi! Diyos na ang tutulong sa kanila."

Tama, dalawa ang nagsasalita! Malinaw ang pag-uusap nila dahil maayos ang ugnayan ng mga pahayag. Kasi, gumagamit sila ng mga panandang leksikal at sintaktik.

Alamin mo ang mga ito. Magpatuloy sa pag-aaral sa modyul.

**Linangin**

Sa binasa mong teksto, may panandang leksikal at sintaktik na ginamit tulad ng referens na ginagamitan ng cohesive device na <u>anapora</u> at <u>katapora</u>.

Alin ang pinatutungkulan o referent ng panghalip na <u>sila</u>? Tama, mga taong walang magawang mabuti. <u>Anapora</u> ba ito o <u>katapora</u>? Tama ka na naman! <u>Anapora</u> dahil itinuturo nito pabalik ang naunang binanggit na referens.

Suriin mo naman ang pangungusap na ito. Basahin mo.

1. "Tiyak matutuwa pa sila kapag nalaman ng mga magulang ko na nagpari ako."

Alin ang unang binanggit dito, ang cohesive device o ang referent?

Tama! Ang cohesive device na <u>sila</u>. Ano ito? Tama ka uli, <u>katapora</u>.

Basahin mo naman ang sumusunod na pangungusap.

2. 

| “ Natutuwa silang manlait ng kapwa, manlamang sa kapwa at mang-api ng kapwa.” |
|---|

Aling salita ang paulit-ulit na ginamit upang mapagtibay ang ugnayan sa pahayag? Tama, kapwa.

| Kung may kasama kang ganito sa araw-araw, maligaya ka ba? Hindi! Di ba? Tiyak matutuwa pa sila pag nalaman ng mga magulang ko, hindi ba? |
|---|

Aling salita na magkasingkahulugan ang paulit-ulit na ginamit sa teksto? Tama! Hindi.

3. Basahin mo ang usapang ito:

| “Matutulungan mo ba sila kung sakali?”<br>“Baka hindi.” |
|---|

Alin sa palagay mo ang hindi na talaga sinabi? Tama. Baka hindi mo na sila matulungan. Ito ay isang elipsis, isang pananda na wala (zero) dahil hindi na ito sinasabi.

Meron pang isang elipsis sa “hindi!” Ano ang hindi na rin sinabi? Tama, “hindi ako maligaya.”

4. Ang substitusyon ay hindi katulad ng referens. Ang substitusyon hindi tumutukoy sa isang tiyak na entity pero sa isang klase ng aytem lamang ng entity na ito. Halimbawa: medyas ay isang entity ngunit maaaring pumalit sa entity na ito ang itim (na mga medyas) na isang aytem lang ng entity na tinutukoy.

Pag-aralan ang sumusunod na mga pahayag na may substitusyon.

a.) Nakita mo ba ang mga medyas mo? Iyang mga itim lang.
b.) Gusto mo ang mansanas? Oo, pahingi ng isa.
c.) Kailangang tulungan ang mga taong walang magawa sa buhay. Kailangan talaga!

5. Basahin mong muli ang teksto. Hanapin mo ang konjunksyon o pangatnig na nag-uugany sa dalawa o mahigit pang sugnay na siyang nagbibigay kahulugan sa ugnayan ng mga ito: Ang mga ito ba ang napili mo?

“Tiyak matutuwa pa sila, kapag nalaman ng mga magulang ko.”
“Huwag matigatig sa kanilang ginagawang di-mabuti, dahil tiyak sila ang makakarma.”
“Kung may kasama kang ganito sa araw-araw maligaya ka ba?”

**Gamitin**

1. Basahin ang sumusunod na mga komik istrip. Isulat sa patlang ang panandang leksikal at sintaktik na ginamit dito.




**Pilipino Star Ngayon, Oktubre 26, 2004**




2. **Pilipino Star Ngayon, Oktubre 26, 2004**

A.

_______ 1. Alaskador ka, di ba? Bruno?
_______ 2. E, ano ngayon?
_______ 3. Gusto mo ba?
_______ 4. Iba na lang.
_______ 5. Duwag ka na at takot ka pa.

B.

_______ 1. Arlene, madalas kitang mapanaginipan.
_______ 2. Ako, napapanaginipan mo rin, si Tacio yata ito.
_______ 3. Minsan……
_______ 4. Napanaginipan kita, kaya lang masama ang nangyari.
_______ 5. Muntik na kong bangungutin.

Sagot:

A. 1. referens – katapora
   2. elipsis
   3. elipsis
   4. substitusyon
   5. konjunksyon

B. 1. referens - anapora
   2. referens - katapora
   3. elipsis
   4. konjunksyon
   5. substitusyon

---

**Subukin**

Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang kung ang panandang leksikal o sintaktik na taglay nito ay isang referens, substitusyon, elipsis, konjunksyon, o leksikal ties.

___________ 1. Nakita mo ba ang aksidente? Oo, nakita ko.
___________ 2. Kailangang ingatan ang mga balotang gagamitin sa halalan. Talagang siyang dapat.
___________ 3. Mayaman si Gil samantalang si Ding ay mahirap. Kapwa sila kandidato sa Student Council.
___________ 4. Sumali si Ding sa halalan. Naniniwala sila na mananalo si Ding.
___________ 5. Maraming bumoto kay Ding ngunit bakit siya natalo?

**Lagumin**

Basahin mo ang isa pang komik istrip. Anong panandang leksikal at sintaktik mayroon kaya rito?

Di ba ang mga sumusunod ang ginamit?

- referens –anumang pangngalan ng tao, bagay o pangyayari na pinag- uusapan o pinatutungkulan ng cohesive device na anapora at katapora.

- substitusyon – pamalit sa isang klase ng aytem ng isang entity

- elipsis – panandang wala dahil hindi na ito sinasabi

- konjunksyon – pangatnig na nag-uugnay sa dalawang sugnay

- leksikal ties – isang salita o kasingkahulugan na paulit-ulit na ginagamit sa pahayag

Sagot:

1. elipsis
2. substitusyon
3. referens
4. leksikal ties
5. konjunksyon

Kung tama lahat ang iyong sagot, magpatuloy sa sub-aralin 3. Kung hindi, gawin ang paunlarin.

---

**Paunlarin**

Basahin ang isa pang komik istrip sa susunod na pahina. Itala sa iyong papel ang mga panandang leksikal at sintaktik na ginamit dito.




**Pilipino Ngayon, Nobyembre 8, 2004**

Bumuo ka ng sarili mong komik istrip at gumamit ng iba't ibang panandang leksikal at sintaktik: referens, substitusyon, elipsis, konjunksyon at leksikal ties.

Sub Aralin 3

## Magbigay at Sundin ang Panuto

**Layunin**

Natutukoy at nabibigyang-kahulugan ang mga salitang ang kahulugan ay nakapaloob sa pagitan ng mga salita.

Nakapagbibigay ng mga panuto sa pagsasagawa ng isang bagay nang buong linaw.


**Alamin**

Pag-aralan ang ilang bagay na karaniwang nababasa mo sa pahayagan.

Patalasin ang isip. Mag-crossword tayo. Sagutan mo.

# CROSSWORD


Ni NONIE V. NICASIO



**PALAISIPAN**

*PAHALANG*
1 Kalkula
4 pabuya
7 puna
8 nagtataglay
10 himok
13 simbolo ng arsenic
14 anak ng dagat
15 likido sa sugat
16 luoy
18 tatak ng sapatos
19 hulapi
20 pangatnig
21 padulas
22 gamit ng pulis
29 dusta
30 simbolo ng pilak
32 lamanloob
33 apelyidong intsik
34 termino sa golf
36 manang
37 bukluran

*PABABA*
1 mahinang benta sa tindahan
2 baryo
3 galaw ng dagat
4 nota
5 magulang ng babae
6 haligi
9 lalagyan ng sorbetes
10 almuhadon
11 Los Angeles
12 panulukan
17 patse
20 sobra sa tubig
21 insigniya ng pulis
23 klase ng tela
24 tulad ng no. 9
25 giliw
27 pinakamalaking kontinente
28 kata
31 tawag sa bayani
35 nota



Magsulatan TAYO

Cerilo Verdan, 33, ng Bldg. XI-A, P.I.C., B.O.C., Muntinlupa City 1776. Hobby: writing penpal.

Alfredo Montajes, 32, ng Bldg. XI-A, P.I.C., B.O.C., Muntinlupa City 1776. Hobby: writing penpal.

*Ibig ba ninyong magkaroon ng mga kaibigan mula sa iba't ibang lugar? Kung gayo'y gupitin ang kupong ito, sulatan ang espasyo sa ibaba at maglakip ng inyong ID photo.*

• PANGALAN

• EDAD • TIRAHAN

• HOBBIES: CELLPHONE #

Ipadala sa Magsulatân Tayo, PSN, 202 Roberto S. Oca (formerly 13th St.) corner Railroad sts., Port Area, Manila

Pilipino Star NGAYON

**Pilipino Star Ngayon**
**Okt. 26, 2004**

Ano ang karaniwang ginagawa ng mga ito? Tama. May ibinibigay na panuto sa pagsasagawa ng isang bagay.

Sa unang gawain, paano nagbigay ng panuto? Basahin mo.

Magsulatan tayo.
Gupitin ang kupon.
Sulatan ang espasyo sa ibaba.
Maglakip ng inyong ID photo.

Upang makapagsulatan ang mambabasa, malinaw na ibinigay ang panuto sa paggamit ng mga pandiwang nasa anyong pawatas. Ang pawatas ay ginagamit din sa pautos at pagpapagawa ng bagay-bagay.

Ang pawatas ay binubuo ng panlapi at salitang-ugat sa batayang anyo nito na walang pagbabago.

| **Panlapi** | **S.U** | **Panlapi** | **Panlapi** | **S.U** | **Panlapi** |
|---|---|---|---|---|---|
| mag- | sulat | - an | ______ | ____ | ______ |
| | gupit | - in | | ____ | ______ |
| | sulat | - an | | ____ | ______ |
| mag- | lakip | | ______ | | |
| pa- | talas | - in | ______ | ____ | ______ |

Basahin mo ang ikalawang bagay. Basahin ang mga panuto at isulat sa patlang ang ginamit na pandiwa.

Ang salitang <u>magsulatan</u> ay binubuo ng panglaping mag -  - an at salitang-ugat na <u>sulat</u>. Ano ang kahulugang nakapaloob dito? Tama! Magpapalitan ng kilos ang dalawa o higit pang tao sa pagsasagawa ng kilos na sinasabi ng salitang-ugat.

Ano ang kahulugan ng <u>patalasin</u>? Tama. Gawing matalas ang isipan.

**Linangin**

Basahin ang ilang mga salita na nasa isang kolum sa pahayagan. Ibigay ang kahulugan ng salita na nakapaloob sa pagitan ng mga salita.

_____ nag-overall champion
_____ problemang pinansyal
_____ giyera mundial

_____ suntok sa buwan
_____ ehekutibong direktiba
_____ di- kagandahang balita

Piliin sa ibaba ang kahulugan at isulat sa patlang ang letra.

| | |
|---|---|
| a. madugong sagupaan | d. galing sa utos ng pangulo |
| b. di tiyak na mangyayari | e. suliranin sa pananalapi |
| c. pangit | f. panlahat na nanguna |

Sagot: f,e,a,b,d,c

Basahin ang kolum. Ano ang mahalagang bagay na isasagawa sa Pilipinas sa taong 2005?

**DAPAT LANG MATULOY ANG SEAG SA PINAS**

Tuloy na tuloy na talaga ang pagho-host ng bansa sa 2005 Southeast Asian Games.

Katunayan, inatasan ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang lahat ng sangkot na ahensiya ng pamahalaan ay binigyan niya ng direktiba na makipagtulungan sa Philippine Olympic Committee, Philippine Sports Commission at Philippine SEA Games Organizing Committee para sa matagumpay at maayos na paghahanda ng bansa sa biennial meet.

Huling nag-host ang bansa sa naturang palaro noong 1991 kung saan umani ng 91 ginto ang ating magigiting na atleta, isang gintong layo sa nag-overall champion na Indonesia.

Ito ay sa gitna ng problemang pinansiyal ng bansa.

Kunsabagay, mainam na sigurong matuloy ang pagho-host natin ng SEA Games. Kahit papaano makakatulong din ito sa ekonomiya ng ating bansa. Bakit? Sa walong bansang kasali, siyempre papasok pa rin ang dolyares sa atin. Bukod sa mga atleta na magmumula sa Vietnam, Laos, Myanmar, Indonesia, Thailand, Singapore, East Timor, Malaysia at Cambodia, ay may mga kasama itong hakot–magulang, kaibigan at siyempre ang mga foreign journalists.

Hindi naman libre ito at magbabayad sila ng hotel, transpo, bibili ng pagkain at siyempre kasama ang shopping para sa pag-uwi nila.

Bukod pa rito, pansamantalang matatakpan ang mga hindi magagandang balita o kontrobersiya ng ating bansa.

Sana nga, makatulong ang SEA Games na makabangon si Juan dela Cruz kahit na bahagya lamang.

Sana nga....

***

**Pilipino Star, Oktubre 26, 2004**
**ni Dina Marie Villena**

Tama! Ang Southeast Asian Games. Ano ito? Palaro ito na dadaluhan ng mga atleta mula sa mga magkakasanib na bansa sa Southeast Asia.

Kung ipagagawa mo ang mga bagay na dapat gawin sa paghahanda sa SEAGames sa Pilipinas, paano mo sasabihin ang bawat pahayag sa bawat bilang?

1. Dapat lang matuloy ang SEAG sa Pinas.

Tama! “Ituloy ang SEAG sa Pilipinas.”

2. Magho-host ang Pilipinas sa SEAG.

Tama! Mag-host tayo ng SEAGames”.

3. Inatasan ni GMA ang lahat ng sangkot na ahensya ng pamahalaan.

“Mag-atas ka sa kanila.” “Atasan mo sila.” “Iutos ninyo sa kanila na maghanda na.”

4. Binigyan niya ng direktiba ang iba’t ibang ahensya ng pamahalaan.

Tama! Magtulungan kayo sa isa’t isa.

5. Makakatulong ito sa ekonomiya ng bansa.

Tama! Tulungan natin ang ekonomiya ng bansa. Magtulungan tayo upang mapaunlad ang ating bansa.

**Gamitin**

Basahin ang sumusunod na teksto. Kung mamamahala ka sa isang komite na maghahanda para sa SEAG 2005. Sumulat ka ng mga panuto sa pagsasagawa ng isang bagay. Isulat sa kahon ang panuto.

Sayang at pinalitan na ang Tarsier bilang mascot sa 2005 SEA Games. Bagamat hindi pa naman official mascot ang Tarsier, isang cute na hayop na makikita sa Bohol. Opisyal ng inihayag na ang Philippine Eagle ang siyang mascot sa darating na 2005 SEAG. Ang Philippine Eagle na rin kasi ang Pambansang Hayop ng Pinas kaya kailangang ipagmalaki natin ito.

(Kaya hindi totoo ang tsismis na dahil ito sa sikat na fantaseryeng “Mulawin” kaya pinalitan ang Tarsier. Biro ng isang kaibigan kong baliw kay ‘Aguiluz’.)

Pilipino Star Ngayon, Okt. 26, 2004

Pagsasagawa ng mascot na Philippine Eagle

Pagsasanay sa mga atleta

| |
|---|
| |

Sagot:
Humigit-kumulang ay ganito ang sagot.

Pagsasagawa ng mascot

> Humanap ng modelo o larawan ng Phil. Eagle. Batay sa larawan, gumawa ng balangkas nito. Piliin ang mga sangkap na bubuo sa iba't ibang bahagi nito. Maingat na idikit ang pakpak, balahibo at iba pang bahagi.

Pagsasanay sa mga atleta

> Simulan na agad ang pagsasanay sa atleta. Kunin ang pondo sa ahensya. Ilaan ito nang maayos sa bawat atleta. Bilhin lahat ang kanilang kailangan. Ieskedyul nang maayos ang kanilang pagsasanay.

Tama ba lahat ang sagot mo? Magaling. Magpatuloy ka. Kung may mali ka, basahin mong muli ang ALAMIN.

---

**Lagumin**

Sa pagbibigay-kahulugan sa mga salita, ang kahulugan ay maaaring nakapaloob na sa pagitan ng mga salita.

| | |
|---|---|
| magbagong- anyo | magbalik-bayan |
| maghunusdili | maging bantay-salakay |

Sa pagbibigay ng mga panuto sa pagsasagawa ng isang bagay, kailangang gumamit ng mga pandiwang nasa pawatas na anyo.

| | |
|---|---|
| tuwirin | alalahanin |
| kumunsulta | manatiling mapagkumbaba |

**Subukin**

1.Isulat sa papel ang letra ng pahayag na nagbibigay ng panuto sa pagsasagawa ng isang bagay.

Mag-host tayo sa 2005 ng SEAG.

Tuloy na talaga ang pagho-host ng SEAG.

Ipadala na ang mga direktiba sa iba't ibang ahensya.

Ituloy natin sa kabila ng krisis pinansyal ng bansa.

Mainam na sigurong matuloy ang pagho-host natin ng SEAGames.

Isulat sa papel ang kahulugan ng ilang salita.

kulang sa pito, sobra sa walo

urong-sulong

magbabakasakali

humigit-kumulang

huwag magpadalus-dalos

---

Sagot:

1. A, C, D
2. A. alanganin
   B. pabagu-bago ang gagawin
   C. susubukin
   D.tinatantya
   E. huwag magpadalus-dalos

Kung tama lahat ang iyong sagot, magpatuloy ka sa Sub-aralin 4.Kung may mali, gawin ang Paulanrin.

**Paunlarin**

1. Basahin ang horoscope ng iyong mga kaibigan. Pagkatapos sumulat ka ng panuto na dapat nilang gawin.




**SCORPIO (Okt. 24-Nob. 22)** — Huwag kaagad gumawa ng desisyon kung hindi tiyak ang sarili. Ang paggawa ng desisyon ay hindi minamadali. Alalahaning ito ay pinag-iisipan nang mabuti. Kung hindi nakatitiyak, kumunsulta sa higit na nakakaalam. Lucky numbers at color of the day ang 10-26-33-40 at violet.

**SAGITTARIUS (Nob. 23-Dis. 21)** — Manatiling mapagkumbaba at huwag magmayabang dahil ang balik nito ay kahihiyan. Magiging mataas ang pride na kapag walang self-control ay mapapasubo at mapapahiya. May sasalungat. Lucky numbers at color for the day ang 5-18-25-37 at green.

**CAPRICORN (Dis. 22-Ene. 19)** — Iwasang maging dahilan ng sakit ng ulo ng kapwa. Huwag hayaang mainis ang karamihan sa iyo. Kung ano ang gusto, huwag magpadalus-dalos dahil maaaring ito ang iyong ikasira. Bawat kilos ay tiyaking pabor at nasa panig. Lucky numbers at color of the day ang 9-16-25-40 at gray.

**AQUARIUS (Ene. 20-Peb. 18)** — Ang pagpaparaya ay pagpapakita ng tunay na pagmamahal at hindi mababawasan ang pagkatao. Huwag mabahala dahil ang kapalit ng tiwala ay kaligayahan. Ang tiwala ay kakambal ng pag-ibig at pagmamahal kaya dapat lamang alagaan nang hindi masira ang tiwala. Lucky numbers at color of the day ang 3-15-19-38 at red.

**PISCES (Peb. 19-Mar. 20)** — Ang nararamdamang sakit ay mapapawi. Pagbigyan ang sariling makapaglakbay sa ibang lugar upang maiba ang ihip ng kapalaran. Ang magbakasakali maliban sa sugal ay inaayunan ng panahon. Lucky numbers at color of the day ang 4-7-24-36 at orange.

**ARIES (Mar. 21-Abr. 19)** — May mga bagay na pinagdududahan sa minamahal. Upang makasiguro sa nais malaman, kausapin siya nang masinsinan nang maliwanagan. Huwag kimkimin sa sarili ang hinanakit kung mayroon man. Maging tapat sa sarili at kapwa. Lucky numbers at color of the day ang 9-16-24-39 at peach.

***Kung may mga problemang nais ikonsulta kay Madam Rosa, sumulat lamang sa Kutob c/o Madam Rosa, Pilipino Star NGAYON, 202 Railroad cor. Roberto Oca sts., Port Area, Manila at bibigyan niya ito ng katugunan. – Editor***

**TAURUS (Abr. 20-May 20)** — Nakakadismayang balita ang matatanggap. Maaaring may kinalaman sa trabaho, pinansyal o buhay-pag-ibig. Huwag hayaang makaapekto nang husto sa sarili. Nasa tabi lamang ang solusyon sa problema. Lucky numbers at color of the day ang 4-18-24-35 at maroon.

**GEMINI (May 21-Hun. 21)** — Hindi kailangang maging magarbo o magastos upang matiyak na magiging maganda ang impresyon ng tao sa iyo. Maging natural. Sapat na ito para makakuha ng mga kaibigan. Iwasang magyabang dahil ang balik nito ay kahihiyan. Lucky numbers at color of the day ang 11-23-39-44 at pink.

**CANCER (Hun. 22-Hul. 22)** — Ang maging mapagbigay at maalalahanin ang tanging paraan upang mapalapit sa lihim na minamahal. Kung may gustong sabihin, walang masama kung ipagtapat ito. Malalaman ang kasagutan kung magtatapat ng sadya. Lucky numbers at color of the day ang 4-16-27-31 at brown.

**LEO (Hul. 23-Ago. 22)** — Unti-unting makikilala sa larangang kinabibilangan. Sa pag-ibig, ipadama sa minamahal ang tunay na nararamdaman. Maging malambing. Sa negosyo, magiging masagana ang kita. Lucky numbers at color of the day ang 4-13-30-41 at tangerine.

**VIRGO (Ago. 23-Set. 23)** — Huwag maging magastos kahit may pera dahil darating ang araw na tiyak may pagkakagastusan. Mabuti nang laging may naitatagong pera para sa emergency na gastusan. Magsimulang magtipid at mag-impok. Lucky numbers at color of the day ang 17-24-39-41 at sky blue.

**LIBRA (Set. 24-Okt. 23)** — Kailangang magdesisyon at magpasya kung ano nga ba ang gusto. Maaaring ang dalawang interesado ay magtanong kung sino ang napipisil sa kanila. Tiyaking ang desisyon ay galing sa puso. Huwag padala sa sulsol ng iba. Lucky numbers at color of the day ang 2-16-30-42 at cream.

2. Ano ang paborito mong pagkain? Alam mo ba kung paano ito lutuin? Isulat mo nga ang mga panuto sa pagluluto nito.

Pagkatapos, ipakita mo sa iyong guro ang iyong ginawa para mabigyan niya ng angkop na pagpapahalaga.

Sub Aralin 4

# Tukuyin ang Teksto

**Layunin**

Natutukoy kung ang teksto ay:

- deskriptiv
- narativ
- ekspositori
- informativ
- argumentativ

**Alamin**

Ang teksto ay maaaring nabubuo ayon sa iba't ibang layunin at pamamaraan ng pamamahayag. Maaaring ito ay nagpapahayag ng:

- paglalarawan ng itsura, tunog, amoy ng isang bagay.
- kung ano ang nangyari.
- kung ito ay naglalahad ng ideya, proseso, at iba pa.
- kung nagbibigay ito ng impormasyon.
- kung ito ay makikipag-argumento.

Alamin kung ang pamamahayag ay isang deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o argumentativ.

Isulat sa kahon ang uri ng tekstong binasa.

A. [ ]

| |
|---|
| Kayamanang matatawag ang gunita. Sinuman ay may iniingatang mga gunita ng kahapon. Ang iba'y matitimyas. Ang iba'y mapapait. Matitimyas man o mapapait ang mga gunita ay hindi maiiwasang di alalahanin. Kung matitimyas ang mga gunita ay di-sasalang sila'y nakapagbibigay ng kasiyahan. Kung mapapait naman, ito'y may kirot na inihahatid. |

B. [ ]

Si San Pedro de Varona, ang patron ng bayan ng Hermosa, ay ipinagpuprusisyon sa buong bayan tuwing ika-3 ng Mayo.

Isang gabi ng pista, isa sa ngma babaing nanonood ng prusisyon ang nagsabi: “Ipinagpuprusisyon ninyo yan eh kahoy lang naman. Ba’t di ninyo ibaba iyan at nang masibak at nang magawang panggatong? E, di may pakinabang pa!”

Walang sinumang umimik sa naturang babae. At… hindi naglaon, ang babae ay nagkasakit. Nagsimula ito sa kanyang kamay. Hindi malaman ng doctor ang uri ng sakit. Binigyan na lamang siya ng gamot para sa sugat sa sakit. Mabilis kumalat ang sakit. Kinailangang putulin ang pinagmumulan ng sakit upang di makaabot pa sa katawan. Subalit tuluy-tuloy na kumalat ang pagkabulok hanggang siya ay mamatay.

**Gamiting Filipino Pandalubhasaan**

C.

**TAYO NA SA KUSINA**

**Chopsuey**

**Mga Sangkap:**

2 pirasong pitso ng manok, inalisan ng buto at hinimay 1 kutsaritang asin

3 kutsaritang cornstarh

1 puti ng itlog 1/4 tasang mantika

2 butil ng bawang, dinikdik 1 sibuyas, ginayat

1 tasang sitsaro 1 karot, ginayat

2 stalks ng celery, ginayat 1 1/2 tasang repolyo

1 tasang tubig 1 kutsaritang chicken boullion

1/2 kutsaritang asukal

**Paraan:**

Paghaluin ang manok, asin, cornstarch, toyo at puti ng itlog sa isang lalagyan. I-marinate ng ilang minuto. Painitin ang mantika sa kawali. Igisa ang bawang, sibuyas. Ihalo ang gulay at hayaan ng 5 minuto. Lagyan ng kalahating tasang tubig. Ilagay ang manok, boullion, asukal at takpan. Hintaying maluto.

Magpangkat nang apatan. Basahin ang sumusunod na editoryal. Pag-usapan ang isyu at magbigay ng sariling ng opinyon. Magtala rin ng mga panutong dapat sundin upang malutas ang suliraning nakalahad. Tukuyin ang binibigyan-diin ng editor. Bagtas II

**Bagtas II**

D.

# Pangunahing killer

Totoo nga bang life is the only reality that all of us will have to give up?

oOo

Pero alam ba ninyong mas mahaba ang life span ng tao ngayon dahil they can no longer afford to die?

oOo

Ito na ang tamang panahong mag-asawa ka na yamang ikaw ay single pa.

oOo

Sakit daw ang pangunahing pumapatay sa mga Pinoy. At ito ay dahil sa kanilang lifestyle, o uri ng pamumuhay.

At marami ang nagkakasakit na hindi nila alam ang dahilan ng sakit nila.

Ayon sa Department of Health, unang dahilan ng kamatayan ng ma Pinoy ay heart failure, o atake sa puso. Sumusunod dito ang vascular disease (hypertension), kanser, pneumonia, pulmonary disease, respiratory disease, mga aksidentre, tuberculosis, diabetes at kidney disease.

At maraming nagkakasakit ang hindi nagpapadoktor dahil sa kahirapan.

oOo

Isa daw sa bawat 1,000 Pinoy ang may kanser. Pinakamabigat ang lung cancer; 9,711 ang namamatay sa 11,123 bagong kaso ng sakit na lung cancer.

Ikalawa ang breast cancer, na may 9,436 bagong kaso; sumunod ang liver cancer, na may 5,249 bagong kaso.

Ayon sa Institute of Health Policy and Development Statistics, taun-taon ay may 71,526 Pinoy na natuklasang may kanser, ngunit kalahati nito (37,623) ang namamatay.

Sa ibang salita, 103 ang namamatay sa isang araw, o 4 ang namamatay bawat oras. Pilipino Star

**Pilipino Star Ngayon, Nob. 8, 2004**

Ang sagot mo ba ay ganito:

A. deskriptiv B. narativ C. ekspositori D. informativ D. argumentativ

Kung hindi, maaari kang magpatuloy sa pag-aaral sa modyul upang matukoy ang iba't ibang teksto ng pamamahayag.

**Linangin**

Isa-isa mong alamin ang sangkap at katangian ng bawat teksto.

Narativ - May unibersal na sangkap ang pagsasalaysay maging sa anumang kultura.

1. Oryentasyon : panahon, lugar at mga tauhan at papel na ginagampanan. Sa panimula, maaaring maging ganito.
2. Layunin at problema o suliranin : kapag kumpleto na ang oryentasyon, kadalasan ang bida o pangunahing tauhan ay binibigyan ng layunin ang buhay na nahihirapan niyang makamit dahil may mga suliraning sumasagabal.
3. Mga hakbang upang malutas ang problema : ipinakikita ng mga pangyayari kung paano nilulutas ng bida ang problema upang makamit ang layunin.
4. Resolusyon : ito ang kasukdulan (climax) na nagpapakita na makamit na ang layunin. Sinusundan agad ito ng wakas.
5. Coda : ito ang nagbubuod o nag-eebalweyt sa kaangkupan ng kwento. Nagtataglay ito ng moral, impresyon o kakintalan.

Deskriptiv Ang paglalarawan ay nagbibigay-kulay sa katangian ng isang bagay, tao, lugar o pangyayari. Sa masining na paggamit ng mga salita, napalulutang ang larawang-diwa o imahen (images) na inilalarawan. Napapakilos o napapagalaw ang guniguni at imahinasyon ng mambabasa o pang-uri.

Ekspositori - Ang ekspositori ay isinasagawa ng tao sa pagkakataong ibig niyang magpaliwanag ng mga bagay-bagay. Ang paglalahad ng pagbibigay at pagsunod sa panuto ay magagawang malinaw sa paggamit ng sapat at angkop na pananalita. Ang pagsulat ng tula, balita, pitak o sanaysay ay paglalahad din ng kaisipan, kaalaman, damdamin o saloobin tungkol sa mga bagay at pangyayari sa paligid.

**Informativ** - Ang tekstong informativ maingat na naglalahad ng mga impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay na nagbibigay ng bago at dagdag na kaalaman sa paksang inilalahad.

Argumentativ

- - Ang argumentasyon ay isang proseso ng pagsuporta o pagpapahina sa pahayag ng katalo kung saan ang balidit nito ay pag-aalinlanganan o maaaring hadlangan.

- Ang kayarian ng ganitong teksto ay may:

Introduksyon – panimulang paglalahad ng paksang pagtatalunan.

Explanasyon – pagpapaliwanag sa pinagtatalunan o balangkas ng argumento.

Katibayan (proof) – mga patibay upang maging malakas ang pinaninindigang panig.

Reputasyon – pagpapahina sa pahayag ng katalo o pagsalungat dito.

Kongklusyon – ang pagbubuod at pagbibigay ng kongklusyon sa argumentasyong ginawa.

**Gamitin**

Basahing mabuti ang bawat teksto. Isulat sa kahon ang uri ng tekstong binasa.

1. [ ]

Matatag ang isang gusali kung ang balangkas nito'y matibay at di maigugupo abutin man ng pinakamalakas na unos. Gayon din naming katatag ang isang bansang binubuo ng maliligayang tahanan, at ang katatagan nito'y salig sa hina o lakas ng kanyang sandigan, ang mag-anak.

2. [ ]

**Paglalapat**

Kapag may taong nangangailangan at lumapit sa iyo, ipinagpapaliban mo ba ang pagtulong mo sa kanya dahil may mas mahalaga kang gagawin?

May mga taong mas abala pa sa pag-aalaga ng hayop kaysa mga tao, at mas iniisip na ang batas at kaayusan kaysa ang kalagayan ng mga mahihirap at kapuspalad.

Ano para sa iyo ang "pahinga" tuwing Linggo?

**1203 Makati City, Philippines, j_pablo@epic.net** Balita, Nob. 8, 2004

3. [ ]

Trabaho. Aral. Iwas sa barkada. Iwas sa pasyal. Kung minsan, pati na ang mahal ko'y nag-aakalang pati na siya ay iniiwasan ko na rin. Ngunit kapag ang tao'y sadyang nagpupunyagi, nangangarap na makaahon sa lugar na kanyang kinaroroonan ay naisasantabi ang mga bagay na nagpapaginhawa lamang sa emosyon. Iyon lamang sadyang nagmamahal ang nakakaunawa at nagbibigay ng lakas ng loob.

Ay kaytamis ng tagumpay pagkatapos ng maraming taong paghihirap. Tunay ngang ang nagdanas ng di-gaanong paghihirap ang siya lamang nakakakilala ng matamis na tagumpay.

**Gamiting Filipino Pandalubhasaan**

4. [ ]

## Camacho, hinatak ang Pinas

Umiskor ang No. 20 seed na si Chardine Cheradee Camacho ng 1.5 puntos upang pamunuan ang kampanya ng 10 man field Team Philippines sa kasalukuyang World Youth Chess Championship kahapon sa five-star Creta Maris Hotel sa Heraklio, Crete, Greece.

Hinatak ng 10-anyos na si Camacho ang kanyang laban sa draw kontra kay Xu Huahua ng China sa third round bago tinalo ang 2004 Festival Panamericano girls' 10-under runner-up place at No. 6 seed na si Lina Pulido ng Colombia sa fourth round upang ilista ang 3.5 puntos matapos ang apat na laro.

Samantala, nalasap naman ng No. 106 seed na si Wesley So ang kanyang unang talo matapos na yumukod sa No. 7 seed na si Liren Ding ng China na nagbaon sa kanya sa 3 puntos.

Ang iba pang nanalo sa fourth round ay kinabibilangan nina No. 20 seed Prince Mark Aquino (boys' 10&under) at Quirino Ramos (boys; 18-under) na nanaig laban kina No.105 Jozef Straka ng Czech Republic at No. 68 seed Aime Poupar ng France, ayon sa pagkakasunod.

Nauwi naman sa draw ang laban nina No,. 104 seed Leo Daylo Jr., at No. 26 seed Christy Lamiel Bernales kina No. 89 seed FM Waleed Jwad ng ANPA.

**Balita Nob. 8, 2004**

**5.** [ ]

Nagturo si Jesus sa isang sinagoga sa Araw ng Pahinga, at may isang babae roon. Labingwalong taon na siyang may espiritung nagbibigay-sakit; nagkakandakuba na siya t di makatingala.

Pagkakita sa kanya ni Jesus, tinawag siya nito at sinabi: "babae, lumaya ka sa iyong sakit.", ipinatong nito sa kanya ang mga kamay at agad na nakatayo nang tuwid ang babae at nagpuri sa Diyos.

Nagalit ang pangulo ng sinagoga dahil nagpapagaling si Jesus sa araw ng pahinga kaya sinabi niya sa mga tao; "May anim na araw para magtrabaho kaya s mga araw na iyon kayo pumarito para magpagaling, hindi sa Araw ng Pahinga!"

Sinagot siya ng Panginoon: "Mga mapagkunwari, hindi ba kinakailangan ng bawat isa sa inyo ang kanyang baka o asno mula sa sabsaban nito sa Araw ng Pahinga at inilalabas para painumin? At isang babae naman ang narito na Anak ni Abraham na labing walong taon nang iginapos ni Satanas. Di ba siya dapat kalagan sa Arawa ng Pahiga?

Napahiya ang lahat niyang kalaban pagkarinig sa kanya pero nagalak naman ang mga tao sa lahat ng kahanga-hangang ginawa ni Jesus.

Efeso 4:32- 5:8

Sag

1. deskriptiv

2. argumentasyon

3. informativ

4. ekspositori

5. narativ

Kung may mali ka sa iyong sagot, balikan mo ang ALAMIN. Kung wala naman, magpatuloy sa kasunod na gawain.

---

**Lagumin**

Paano mo lalagumin ang iba't ibang uri ng teksto? Ganito ba? Isulat sa patlang ang tekstong tinutukoy.

___________ 1. Ang tekstong may tunguhing ipaliwanag ang isang pangyayari, opinyon, kaisipan at proseso.

___________ 2. Naglalayong buuin ang imahen o isang biswal na konsepto ng bagay-bagay.

___________ 3. Naglalayong maghayag ng sunud-sunod na pangyayari tungo sa kalutasan ng suliranin ng tauhan.

___________ 4. Naninindigan sa sariling opinyon at hinihikayat na mapaniwala ang katalo sa kanyang panig.

___________ 5. Nagdaragdag ng kaalaman o kabatiran tungkol sa mga bagay-bagay.

Sagot:

1. ekspositori
2. deskriptiv
3. narativ
4. argumentativ
5. informativ

Ngayong alam mo na ang uri ng teksto, handa ka nang kunin ang SUBUKIN.

**Subukin**

Basahing mabuti ang bawat teksto. Isulat sa papel kung ito ay isang deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o isang argumentativ.

1. Labingwalong taon na siyang may ispiritung nagbibigay sakit. Nagkakandakuba na siya at di makatingala.

2. May mga taong mas abala pa sa pag-aalaga sa mga hayop kaysa mga tao, at mas iniisip pa ang batas at ang kaayusan kaysa ang kalagayan ng mga mahihirap.

3. Nagtuturo si Hesus sa isang sinagoga sa Araw ng Pahinga. May dumating na isang babae.

4. Nagalit ang pangulo ng sinagoga dahil nagpapagaling si Hesus sa Araw ng Pahinga kaya sinabi niya sa mga ito "May anim na araw para magtrabaho kaya sa mga araw na iyon kayo pumarito para magpagaling hindi sa Araw ng Pahinga."

5. Hindi ba, kinakalagan ang bawat isa sa inyo ang kanyang baka o asno mula sa sabsaban nito sa Araw ng Pahinga at inilalabas para painumin. At isang babae naman ang narito na labingwalong taon nang iginapos ni Satanas. Di ba siya dapat kalagan sa Araw ng Pahinga?

---

Sagot:

1. deskriptiv
2. ekspositori
3. narativ
4. informative
5. argumentativ

Kung tama lahat ang iyong sagot, magpatuloy sa Sub-aralin 5. Kung hindi, gawin ang Paunlarin.

---

**Paunlarin**

Basahin ang ilang tekstong galling sa pahayagang Balita, Nobyembre 8, 2004 at ilang babasahin.

Tukuyin kung ang teksto ay isang nito na narativ, deskriptiv, ekspositori, informativ, at argumentativ. Isulat sa kahon ang sagot.

1. [ ]

3.

A. Huwag lagging gagamitn ang *flush* ng toilet.

B. Sa paglilinis ng kotse, huwag gumamit ng *hose.*

C. Kapag maglalaba, ibabad muna ang mga damit para madaling matanggal ang mga dumi.

D. Bago maghugas ng mga plato at iba pang kinanan, takpan muna ang butas ng lababo at kumuha ng isang palangganang tubig.

E. Isara ang gripo habang nag-aahit o nagsisipilyo.

F. Bago pa man gamitin, ilabas na ang anumang pagkain o trey ng yelo sa *freezer* ilang minuto o oras man bago gamitin.

G. Sikaping maligo nang mabilis.

[Mula sa: *Magtipid sa Kuryente at Tubig* (Technology Resource Center), pah.7-9, at *Magtipid sa Tubig* (Technology Resource Center), pah.3-5.]

2. [ ]

"Pragmatically speaking," sabi ng isang dalubhasa sa pagtuturo na panauhin ko sa isang tanggapan. Isang araw, which is more usefl useful, English of Filipino? Nabakas ko agad sa uri ng pagtatanong ang isang hamong pagsubok sa alam.

"Depende," sabi ko. "Sa atin na sophisticated few, nakabatay sa kaunting kaalaman sa Ingles ang asensong pangkabuhayan. Ingles ang lahat at lahat. Ngaunit di ganito kahalaga sa mga magkakahoy sa kagubatan, sa mga mangingisda, sa mga magsasaka sa kabukiran, sa mga trabahador sa mga piyer at lansangan," at aking ipinagdidiinan sa lalong malaking bilang ng masa na bumubuo ng sambayanan."

*"Ang Wikang Filipino Isang Kasangkapan sa Pagbuo ng Bansa*"
ni P.B.P. Pineda

3. [ ]

## PANAHON

Ang kalakhang Maynila ay makakaranas ng madalas na pag-uulap ng kalangitan na may pag-ulan at pagkulog-pagkidlat. Mahina hanggang sa katamtamang hangin mula sa hilangang-silangan ang iiral at ang look ng Maynila ay banayad hanggang sa katamtaman hanggang sa kung minsan ay maalon. Ang

4

5.

**Misteryo at Lohika**

**Ni REY T. SIBAYAN**

Iyan daw kaligayaha'y kadalasang hudayt at babala ng dusang darating. Walang awa sa hinagap ko iyon. Naglulumukso pa nga sa tuwa ng puso ko habang ako'y pauwi sa amin isang hapon.

Ano ba't natanawan ko'y ang maraming tao sa aming bahay. Pawing nakabihis ng lungkot ang kanilang mukha at isa man ay walang gustong mangusap sa akin.

"Patay na si Tatang," sabi isa kong kapatid.

Ang nakita ko'y ang walang katinag-tinag na katawan ni Tatang. Sa tabi niya'y nagpapalahaw ang aking ina at iba ko pang mga kapatid. Parang binuhusan ng malamig na tubig ang aking katawan.

Dumating daw ang pagkahilo ni Tatang. Nahiga. Naghilik. Hindi na siya inabutang buhay ng doctor.

Dumarating nga ang kamatayan sa lahat ng tao. Ngunit may mga kamatayang labis ang hapdi, kirot, paghihirap at kapaitan ang idinulot sa mga naiwan.

Ang buntot ng kamatayan ni Tatang ay walang pakikitalad sa buhay upang mabuhay at bumuhay. Waring hindi matanggap ni nang na wala na si Tatang. Siya'y laging nakatulala. At ako, bilang nakatatandang anak, ay naatangan ng isang mabigat na pasaning sadyang hindi ko inaasahan sa buhay. Kinakailangan ko ang magtiis, ang talikdan ang mga nakagawian.

Sa hirap ng buhay ngayon, hindi na halos mapagkasya ang kakarampot na suweldo sa sobrang taas ng presyo ng mga bilihin. Kapag may sakit ang isang tao ay mas matinding problema ang idinadaing nito dahil sobrang taas ang halaga ng gamot at pagpapagamot. Ito ang dahilan kung bakit nag-iisip na ng mas praktikal at alterna-tibong paraan para mapanatiling malusog ang katawan.

Kabilang sa mga praktikal na pamamaraan para mapanatiling malu-sog ang katawan ay ang pag-eehersisyo araw-araw, at pagkain ng mga gulay, at prutas, ngunit hindi pa rin maitatwa na ang ganitong akala nating mas praktikal na pama-maraan ay kailangan pa rin nating paglaanan ng salapi tulad na lamang ng pambili ng mga materyales sa ehersisyo at pataas-pababa rin ang presyo ng mga masustansiyang pagkain tulad ng gulay prutas.

Sagot

1. ekspositori 3. informativ 5. narativ
2. argumentativ 4. deskriptiv

Kung tama lahat ang sagot mo, binabati kita. Magpatuloy sa susunod na aralin. Kung may mali, pakibalikan ang LAGUMIN.

## Sub Aralin 5

## Kilalanin ang Tono…Sumulat nang Wasto

**Layunin**

Nakikilala ang wastong tono ng tekstong binasa sa tulong ng mga tiyak na bahagi.

Naisusulat ang wastong pag-uugnayan ng mga salita, parirala, sugnay at pangungusap.

**Alamin**

Ang teksto ay nagtataglay ng mga bahagi na nakapagpapalutang sa tono ng pagpapahayag kaugnay ng mga damdamin at saloobin na ibig iparating nito. May mga tekstong nagbababala, nananakot, nang-aaliw, nagbibiro, nag-aalinlangan at iba pa. Sa tulong ng mga salitang sapat at angkop ay napag-uugnay nang wasto ang mga salita, parirala, sugnay at pangungusap.

Basahin ang ilang teksto. Tukuyin ang tono na ipinalulutang nito.

1. Libu-libong palito ng posporo ang magagawa buhat sa isang punungkahoy. <u>Ngunit</u>… kayang sunugin ng isang palito ng posporo ang libu-libong punongkahoy.

2. Panaho'y nagbabago <u>at</u> bumibilis ang takbo ng pamumuhay ng tao… lumalawak ang kaalaman tungo sa isang tagumpay… <u>subalit</u>, tagumpay lang ba ang hangad ng tao? Hindi ba ang masidhing nasa ang magtutulak sa kanila <u>upang</u> gumawa ng masama <u>at</u> kapahamakan.

Sa unang teksto, sinabi mo bang may tono ito na nagbababala, nananakot? Tama ka. Maaari ring sabihing may saloobin ng panghihinayang.

Pansinin din ang wastong ugnayan ng mga salita, parirala, sugnay at pangungusap. Ano ang ugnayang ipinakikita? Ano ang mga salitang ginamit? Tama. Ang ugnayang ipinakikita ay ugnayang <u>kawsal</u>, <u>sanhi at bunga</u> at maaaring <u>ugnayang hambingan</u>.

Pag-aralan pa ang tungkol sa tono ng tekstong binasa at wastong pag-uugnayan ng mga pangungusap.

**Linangin**

Naipapakita ang tono at ugnayan ng mga salita, parirala, sugnay at pangungusap sa teksto sa paggamit ng mga panandang sintaktikal at leksikal. Basahin ang sumusunod na teksto.

| |
|---|
| Mayaman at matalino si Gil, samantalang si Ding ay mahirap, marunong at mabait. |

May ugnayang di-magkatulad dito na ginamitan ng samantala.

| |
|---|
| Kulang sa Vitamin D ang bata, kaya, nagkasakit siya ng rickets. |

Dito naman ay may ugnayang kawsal. Ginamit ang pangatnig na kaya. Sinabi mo bang may tono ng paninisi sa teksto? Tama! Alin ang sanhi dito?
Tama ka dyan, kulang sa Vitamin D ang bata.

| |
|---|
| Nagpipista na naman ang mga kidnaper, dahil malapit na ang eleksyon. |

May ugnayang sanhi at bunga. Ano ang tono ng teksto? Tama! Galit at takot. Alin naman ang sanhi? Tama! Malapit na ang eleksyon. At alin ang bunga? Tama. nagpipsta na naman ang mga kidnaper.

| |
|---|
| Ang kidnaping ay isa sa pinakamabilis na mapagkakaperahan. Kaya nga, ilan daw sa mga politico natin ay utak ng mga sindikato, ng mga sindikato sa kidnaping. Pero kung, may hawak ang NAKTAF ng ebidensya laban sa mga politiko, bakit hindi kasuhan ang mga ito? |

Ano ang ugnayan sa tekstong ito? Tama! Ugnayang problema at solusyon. Alin ang problema? Sinabi mo bang…"may ilang politico natin ay utak ng mga sindikato sa kidnaping."? Tama! Kaya alin ang solusyon? Tama! Kung may nawala na ebidensya, kasuhan sila.

Ano ang tono ng tekstong binasa? Tama, may tono itong nagtataka at may halong nangangalit.

Sa pagtiyak sa tonong ipinapahiwatig sa teksto ay maaaring sabihin ang saloobin ng may-akda sa paksa ay nagpapatawa, nangangalit, nagmamaktol, nagpoprotesta, may pagwawalang-bahala, nagbababala, natatakot, nagagalit, kinakabahan at iba pa.

**Gamitin**

1.Basahin ang maiikling teksto. Isulat sa patlang ang tono ng bawat teksto.

___________ 1. "Alam mo…nataasan na pala ng sahod si Elsie."
"Ku! Paanong hindi magkakagayon ay malakas siyang magbigay! Naku! Hindi ko magagawa ang gayon! Hindi na baling hindi ako maumentuhan!"

___________ 2. Haaaa_ _ _! Nabali ang kaliwang batangan natin. Manimbang kayong mabuti sa kawan. Wala na tayong laban sa kaliwa. Mag-iingat kayo. Kaunting pagkalingat ninyo ay tataob tayo. Hayan…alistuhin ninyo…may dumarating na mag-asawang alon!

___________ 3. Hindi na ako inalok ni Dindong sumakay sa bagong motorsiklo niya mula nang ilang ulit ko siyang tinanggihan. Mabuti pa siya't sunud na sunod lahat niya ang layaw sa mga magulang niya. Palaging bago ang pantalon at sapatos at ang pitaka ay laging makapal sa laman.

___________ 4. "Tila may kumakatok yata" paos na tinig ng aking inang maysakit. Dahan-dahan kong inihakbang ang aking mga paa patungo sa aming pintuan. Ngunit nang aking buksan ito,walang tao. Wala…!

___________ 5. Minasdan ko ang payat na katawan ng aking ina, ang kanyang hapis na mukha ngunit nang ibaling ko ang aking paningin sa kanyang balikat ay nakita ko na lang na hinigit niya ito. Dali-dali kong dinama ang kanyang pulso ngunit ito ay hindi na tumitibok.

Sagot:

1. naiinggit, nag-aalinlangan
2. matatag o buo ang loob,matapang
3. nagtatampo, naiinggit
4. natatakot,nag-aalala
5. nalulungkot, nababahala

Tama ba lahat ang sagot mo, magaling! Magpatuloy sa pag-aaral. Kung hindi, balikan at basahing muli ang LINANGIN, pagkatapos, sagutin muli ang GAMITIN.

---

2.Basahin ang isang teksto. Punan ang patlang ng angkop ng panandang sintaktikal at leksikal sa mga salita, parirala, sugnay at pangungusap. Isulat din sa __________ ang wastong pag-uugnayan nito.

| | |
|---|---|
| | **BISA NG BULAKLAK** |

Ang halaman sa isla ng Madagascar ay matagal nang pinahahalagahan ng lokal na mga naninirahan (a) bisa ng mga ito bilang gamut. Ang mga katas mula sa iba't ibang bulaklak ay matagal nang ginagamit (b) gamutin ang "mga sakit na (c) lagnat (c) eksema sa mga tumor," ulat ng magasing Africa – Environment & Wildlife. Maging ang magandang orkidyas ay kapaki-pakinabang. Halimbawa, ang isang uri (Angraecum eburneum), ay ginagamit na panlabansa impeksyon dahil sa virus at upang maiwasan ang mga paglaglag. Kamakailan, ang isang pinagmumulan ng gamut para sa paggamot ng leukemia ay nakilala sa isla – ang mamula-mulang sitsirika (Catharanthus roseus). (d) gaano katagal maaaring makinabang ang mga tao mula sa mga bulaklak na ito? "Ang pakikipag-unahan sa panahon bago mawala ang mga ito ay nagaganap," ang himutok ng ulat, yamang "ang napakaraming di pa natutuklasan na mga uri ay naglalaho araw-araw (e) komersyal na mga gawain gaya ng pagtotroso, pagsasaka at pagmimina.

2. __________
3. __________

4. __________

5. __________

1. __________

Sagot:

| | |
|---|---|
| a. dahil sa | 1. sanhi at bunga |
| b. upang | 2. problema at solusyon |
| c. mula sa……hanggang sa | 3. ugnayang di-magkatulad |
| d. subalit | 4. problema at solusyon |
| e. dahil sa | 5. ugnayang kawsal |

Tama ba lahat ang sagot mo? Magaling! Basahin ang LAGUMIN at sagutan ang SUBUKIN. Kung may mali, balikan ang paliwanag sa LINANGIN.

---

**Lagumin**

Basahin at tandaan.

Ang teksto ay nagtataglay ng mga bahagi na nakapagpapalutang sa tono ng pagpapahayag ng mga damdamin at saloobin na ibig iparating nito.

May mga tekstong nagbababala, nananakot, nang-aaliw at iba pa!

Sa tulong ng mga panandang sintaktikal at leksikal, napag-uugnay nang wasto ang mga salita, parirala, sugnay at pangungusap.

**Subukin**

Basahin ang bawat teksto. Punan ang patlang ng panandang sintaktikal at leksikal upang ipakita ang ugnayan. Isulat din sa patlang sa unahan ng bilang ang tono ng binasang teksto.

___________ 1. Hindi lingid sa kalaman ng lahat ang suliraning kasalukuyang kinakaharap ng ating kapaligiran. (a) nakatutuwang pagmasdan na maliban sa gobyerno, ang pribadong sector, ang simbahan, ang kabataan (b) mga paaralan ay patuloy na nakikibaka sa patuloy na pagkawasak ng ating kapaligiran (c) kalikasan.

___________ 2. Siguro, mas mabuti pa nga na huwag na muna tayong magturuan at magsisihan (a) sino nga ba ang dapat sisihin, si Juan ba (b) si Pedro, (c), magtulung-tulungan tayo (d) mapigilan o mabawasan man lamang ang patuloy na pagkawasak ng ating iisang planeta, ang ating iisang mundo.

__________ 3. Sa isyu ng ating mga ilog (a) lawa, hindi lingid sa atin na ang ating mga pangunahing ilog (b) lawa dito sa Metro Manila (c) Pasig-Marikina River System, ang Navotas-Malabon-Tenejeros-Tullahan River System, ang baybaying dagat ng Maynila at ang Laguna de Bay ay masasabi nating biologically dead.

__________ 4. Sa isyu ng polusyon sa hangin sa Pilipinas, ang pangunahing nagdudulot ng polusyon ay nanggagaling sa natural (bulkan, atbp) (a) sa kagagawan ng tao (man-made sources). Ang mga man-made sources ay nanggagaling sa mga sasakyan (b) emisyong industriyal. Dito sa kalakhang Maynila, ang polusyon sa hangin ay nanggagaling sa nakahintong sors (c) energy generating facilities at pabrika; o ang mobile sources (motor vehicles).

__________ 5. (a) mga batas na pinatutupad, pagbibigay-impormasyon ng media, (b) pagtulong ng NGO's ay patuloy pa rin ang paglala ng kalagayan ng ating kapaligiran partikular na dito sa Metro Manila.

---

Sagot:

1. nanlilibak at naninisi — a.) at b.) at c.) at
2. nagagalit/nanghihikayat — a.) kung b.) o c.) at sa halip d.) upang
3. nalulungkot/nanghihinayang — a.) at b.) at c.) tulad ng
4. nagbibigay-impormasyon/nagsisisi — a.) o b.) at c.) tulad ng
5. nagbababala/nanghihinayang — a.) sa kabila ng b.) at

Tama bang lahat ang sagot mo? Mahusay! Tapos ka na sa modyul na ito, kumuha na ng ibang modyul. Kung may mali, balikan ang LAGUMIN at pag-aralan kung saan nagkamali. Pagkatapos, pag-aralan ang PAUNLARIN.

---

**Paularin**

Basahin ang teksto. Ano ang tonong ipinahihiwatig ng teksto? Punan din ang patlang ng angkop na panandang sintaktikal na nag-uugnay sa mga salita, parirala, sugnay at pangungusap.

**LEUKEMIA Gumaling**

Dagsa ang tao sa bahay ni Sir Tom Agustin, Herbal Scientist (a) nakatira sa Mangaya Tarlac City. (b) mabalita ang Boston-C sa Magandang Gabi Bayan, Emergency, ANC News, DZMM, (c) mga pangunahing pahayagan, ang Bosto-C ay nagpatotoo mula sa U.P Institute Of Biology at St. Luke Medical Center na magaling ito sa cancer. Si Ginang Adelaida Ogdog ng Southern Leyte ay gumaling sa sakit na Leukemia (d) nagbalik sa normal ang kanyang dugo. (e), sinasalinan siya tuwing ikalawang linggo. (f) kaniyang Doktor, ito ay isang milagro, ang paggaling ni Adelaida. Magbakasakali ka, malay mo, Boston-C ang sagot sa sakit mo!

Sagot:

Tonong natutuwa at humahanga sa ibinibigay na impormasyon.

a.) at b.) mula ng c.) at d.) at e.) dati-rati o noon f.) ayon sa

Kung tama lahat ang iyong sagot, binabati kita. Magpatuloy na sa ibang modyul. Kung may mali kahit isa, balikan ang LINANGIN at sagutan muli ang SUBUKIN.

## *Gaano ka na kahusay?*

Bago ka magpatuloy nang pag-aaral sa iba pang modyul, subukan mong sagutin ang bawat pagsusulit.

Kung natutunan mo nang wasto ang itinuro sa modyul na ito, masasagot mo ang pagsusulit nang matagumpay. Magsimula ka na.

A. Panuto : Basahin ang bawat pangungusap. Tukuyin kung ang may salungguhit na cohesive device ay isang anapora o katapora. Isulat sa patlang ang sagot.

__________ 1. Nang taong 1960, halos ganito pa rin ang paniniwala ng mga tao,datapwat, sa panahon ding ito ay tila lumalakip ang pangamba sa kanilang isip.

__________ 2. Mabilis na kumilos sila upang matulungan ang kanilang kababayan. Ganyan kung kumilos ang mga opisyal ng Saudi Embassy.

__________ 3. Natatakpan ang bawat mata nila ng isang transparent scale, kasi, walang talukap ang mata ng mga ahas.

__________ 4. Noong isang linggo, isang Italyano ang nahulog sa bitag ng sindikato at hanggang sa kasalukuyan ay nakakulong pa ito.

__________ 5. Pagkagaling niya sa emergency room ay tinawagan agad ni Ding ang mga magulang ng kaibigang naaksidente.

B. Panuto : Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang kung ang panandang leksikal o sintaktik na taglay nito ay isang referens, substitusyon, elipsis, konjunksyon o leksikal ties.

__________ 1. Ang pagsasalegal ba ng aborsyon dito sa Pilipinas ay kinakailangan? Oo, kailangan.

__________ 2. Ipinasara ang Smokey Mountain alinsunod sa kautusan ni Pang. Fidel V. Ramos at dapat lamang namang ipasara ang mga ito.

__________ 3. Ayon sa kaniyang doktor ito ay isang milagro ang mabilis na paggaling ni Adelaida sa sakit na kanser.

__________ 4. Pagkagaling ni Ding sa emergency room ay tinawagan niya ang mga magulang ni Gil na labis ang pagkasindak sa tinanggap na balita.

__________ 5. Sa kabila ng pagsulpot ng iba't ibang NGO's, bakit patuloy pa rin ang paglala ng kalagayan ng ating kapaligiran at di na ito masansala.

C. Panuto : Isulat sa papel ang letra ng pahayag na nagbibigay ng panuto sa pagsasagawa ng isang bagay.

   A. Pakuluan ang sariwang gatas bago inumin.
   B. Tuloy na talaga ang pagho-host ng SEAG.
   C. Linisin lagi ang palikuran.
   D. Huwag lumapit sa mga taong may nakahahawang sakit.
   E. Ingatan at laging pangalagaan ang iyong pamanang-yaman.

D. Panuto : Basahing mabuti ang bawat teksto. Isulat sa papel kung ito ay isang <u>deskriptiv</u>, <u>narativ</u>, <u>ekspositori</u>, <u>informativ</u>, o isang <u>argumentativ</u>.

1. Sa personalidad ay talo si Ding ng kaisa-isang anak na lalaki ng mga Monte. Spoiled brat ang binatilyong ito. Matalino ngunit makasarili.
2. Si Ginang Adelaida Ogdog ng Southern Leyte ay gumaling sa sakit na Leukemia, nagbalik sa normal ang kaniyang dugo. Dati-rati, sinasalinan siya tuwing ikalawang linggo ngunit sa paggamit niya ng gamot na ito, hindi na kailangan.
3. Kapwa kandidato sina Ding at Gil sa idaraos na halalan sa Student Council sa kanilang haiskul. Isang araw nagtagpo ang kanilang landas. Nagkatinginan sila…
4. Habang ang Pilipinas ay patuloy na nakikiisa sa pandaigdigang programa na may kinalaman sa pagbabago ng kalidad ng kapaligiran, ang kakulangan ng pondo ang isang napakalaking balakid para lubos nating maisakatuparan ang nasabing programa.
5. Naniniwala ako na ang buhay natin sa mundong ito ay isang regalo. Buhay itong bigay sa atin ng diyos, kung kaya't wala tayong karapatang kumitil ng isang buhay na hindi naman natin pag-aari. Kung ganito walang karapatan ang isang dalagang nagdadalantao na magpa-abort. Isipin mo sarili mong anak ay mamamatay sa sarili mong mga kamay? Nasaan ang hustisya para sa batang walang kamuwang-muwang sa mga pangyayari?

E. Panuto : Basahin ang bawat teksto. Isulat sa papel ang tono ng binasang teskto. Isulat din sa papel ang kahulugan ng salitang may salungguhit sa bawat bilang.

1. Dapat maging responsable ang mga magulang at disiplinado ang bawat isa sa pamilya. Kung ang lahat ng bagay ay nasa ayos ay hindi na sana ganito kalaki o kasama ang suliranin ng ating bansa.

2. Sa usapin naman tungkol sa basura, isang napakahirap at kritikal na problema ang kinakaharap ng isang papaunlad na bansa tungo sa industrialisasyon, ay ang pakikibaka sa mga basurang itinatapon araw-araw ng mga mamamayang walang pakialam sa pagkawasak ng kapaligiran.

3. Isipin mo sarili mong anak ay mamamatay sa sarili mong mga kamay? Nasaan ang hustisya para sa batang walang kamuwang-muwang sa mga pangyayari.

4. Sabihin na nating ang isang biktima ng panggagahasa at walang kasalanan sa kanyang pagdadalantao, dahilan ba ito para patayin ang bata sa kanyang sinapupunan?

5. Sa kabila ng mga batas na ipinatutupad, pagbibigay-impormasyon ng media, at pagtulong ng NGO's ay patuloy pa rin ang paglala ng kalagayan ng ating kapaligiran at kalikasan.

Tapos mo nang pag-aralan ang modyul na ito. Binabati kita. Pero, patsekan muna sa guro ang iyong papel. Pwede ring ikaw ang mag-tsek. Kunin mo sa guro ang SUSI. Malalaman mo kung ano pa ang dapat mong gawin. Salamat!